
## Makipag-ugnayan sa amin

- Maghanap ng isang Sentro ng Serbisyo sa Customer sa isang subway station na malapit sa iyo: **mta.info/csc** o tumawag sa **511**
- Bisitahin ang Sentro ng Serbisyo sa Customer sa 3 Stone St sa Lower Manhattan, Lunes-Biyernes, 9 a.m. hanggang 5 p.m.
- Tawagan ang OMNY Call Center sa **877-789-6669**
- Makilala ang aming Mobile Sales team sa inyong barangay: **mta.info/mobilesales**

## Malaman ang higit pa

**mta.info/omny**

MTA OMNY




**Mga dapat mong malaman tungkol sa iyong**

# Binawasang Pamasahe na OMNY Card

MTA OMNY

## Narito ang lahat ng kailangan mong malaman tungkol sa paggamit ng iyong Binawasang Pamasahe na OMNY Card para sa iyong mga biyahe sa subway at bus.

### Paano ito lalagyan ng load

Pwede mong lagyan ng load ang iyong Binawasang Pamasahe na OMNY Card sa iba't ibang lugar gamit ang cash, credit, o debit, katulad ng MetroCard.

- Mga OMNY vending machine sa mga subway station: **omny.info/omny-card**
- Mga tindahan na malapit sa iyo kasama ang CVS at Walgreens: **omny.info/retail**
- Online gamit ang libreng OMNY account: **omny.info**

### Paano kumuha ng libreng OMNY account

Bisitahin ang **omny.info** upang magparehistro.

I-link ang iyong OMNY Card sa account mo bilang travel card upang masuri at ma-reload ang balanse, mag-set up ng mga awtomatikong pag-reload, subaybayan ang iyong biyahe, at marami pang iba.

Hindi mo kailangan ng OMNY account para makapag-tap.

### Paano ilipat ang iyong MetroCard balance

Bisitahin ang isang Sentro ng Serbisyo sa Customer ng MTA o isang Mobile Sales van.

### Kapag naiwala mo ito

Pumunta sa isang Sentro ng Serbisyo sa Customer o isang Mobile Sales van para sa isang kapalit na card. Pananatilihin ng iyong bagong card ang anumang natitirang balanse sa oras na naiulat mo itong nawala.

Upang i-freeze kaagad ang isang nawala o ninakaw na card, tumawag sa OMNY Call Center at sabihin ang card number, o bisitahin ang **omny.info** kung naka-link ang iyong card sa isang OMNY account.

### Paano ito gamitin

I-tap ang iyong Binawasang Pamasahe na OMNY Card sa MTA subway at bus, Staten Island Railway, Roosevelt Island Tram, at Hudson Rail Link.

Kapag nakapagbayad ka ng 12 biyahe gamit ang iyong Binawasang Pamasahe na OMNY Card sa loob ng pitong araw, ang iba pang biyahe sa loob ng pitong araw na iyon ay libre.

Maaari mo lamang bayaran ang sarili mong biyahe gamit ang Binawasang Pamasahe na OMNY Card.

Kapag hindi tinanggap ang iyong card pagkatapos mong mag-tap, tingnan ang iyong balanse.

Kung ang screen ay nagpapakita ng "Lagpas na sa Limitasyon sa Biyahe," nag-tap ka sa parehong istasyon kamakailan lang at kailangan mong maghintay ng 15 minuto bago muling mag-tap.

